

Transisyon sa Pagiging Adult



Guidebook sa Transisyon para sa Mga Magulang ng IRC

2024

Talaan ng Nilalaman

**Programa sa Pang-indibidwal na Edukasyon
(Individualized Education Program, IEP) Pahina 3**

Waiver ng Medicaid Pahina 7

**Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay
(In-Home Supportive Services, IHSS)..... Pahina 11**

Conservatorship..... Pahina 15


Supplemental Security Income (SSI)..... Pahina 21

Paglalagay..... Pahina 24

Copyright © 2024 Inland Regional Center



PROSESO NG IEP



**Programa sa Pang-indibidwal na Edukasyon
(Individualized Education Program, IEP)**

Pangkalahatang-ideya ng Programa sa Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP)

Ang IEP, o Programa sa Pang-indibidwal na Edukasyon, ay isang nakasulat na dokumento na binubuo para sa bawat bata sa pampublikong paaralan na kwalipikado para sa [espesyal na edukasyon](#). Binubuo ang IEP sa pamamagitan ng [pagsisikap ng pangkat](#) at sinusuri ito nang hindi bababa sa isang beses kada taon.

Bago maisulat ang isang IEP, dapat kwalipikado muna ang bata para sa espesyal na edukasyon. Ayon sa pederal na batas, isang multidisiplinaryong pangkat ang dapat tumukoy na (1) isa siyang batang may kapansanan at (2) nangangailangan siya ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo para makinabang sa programa sa pangkalahatang edukasyon.

Iniaatas ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), na isang pederal na batas, na magsama ng ilang partikular na impormasyon sa IEP pero hindi nito tinutukoy kung ano dapat ang hitsura ng IEP. Dahil posibleng magsama ang mga estado at lokal na sistema ng paaralan ng karagdagang impormasyon, magkakaiba ang mga form ayon sa estado at posibleng mag-iba-iba sa pagitan ng mga sistema ng paaralan sa loob ng isang estado.

Buod ng Proseso ng IEP para sa mga Magulang

1. **Paunang Pakikipag-ugnayan at Imbitasyon:** Hindi na direktang iniimbitahan ng mga paaralan ang Consumer Service Coordinator (CSC) sa pulong para sa IEP. Dapat makipag-ugnayan ang pamilya sa CSC nang may hindi bababa sa 2 linggong abiso. Kung hindi posible ang nakaiskedyul na petsa, maaaring humiling ng bagong petsa ang mga magulang sa pamamagitan ng pagsulat. Dapat tumugon ang paaralan sa loob ng 15 araw at dapat ibahin nito ang iskedyul ng pulong sa loob ng 30 araw.
2. **Maghanda para sa Pulong:** Dapat tiyakin ng mga magulang na sasali sa proseso ng pagpapasya ang lahat ng nauugnay na partido, lalo na ang mga mula sa paaralan. Mahalagang talakayin ang anumang alalahanin sa CSC bago ang pulong para makabuo ng estratehiya para sa pagtataguyod sa bata.
3. **Mga Layunin at Plano:** Tiyaking may kasamang **mga partikular at pang-indibidwal na layunin** na nakakatugon sa mga pangangailangan ng bata

(hindi mga pangkaraniwang layunin) ang IEP. Suriin ang **plano sa transisyon** para matiyak na napapanahon ito at angkop na naka-integrate sa pang-araw-araw na kurikulum ng bata.


4. **Pagtugon sa Mga Hindi Pagkakasundo:** Kung mayroong anumang hindi pagkakasundo o hindi nareresolbang isyu, dapat idokumento ang mga ito sa seksyon ng komento ng IEP. Dapat magtala ng mga hakbang na aksyon para matugunan ang mga isyung ito bago lagdaan ng magulang ang IEP.
5. **Paglagda sa IEP:** Malalagdaan ng mga magulang ang IEP para ipakita ang kanilang pagdalo, pero hindi nila kailangang sumang-ayon sa nilalaman. Kung hindi sila sasang-ayon, mananatiling may bisa ang nakaraang IEP hanggang sa maresolba ang mga isyu.
6. **Responsibilidad para sa Mga Serbisyo:** Tandaang responsable ang **distrito ng paaralan** sa pagbibigay ng anumang kinakailangang serbisyo (hal., suporta sa pag-uugali, therapy) sa bata. Hindi pinopondohan ng IRC ang mga serbisyo ng paaralan.
7. **Medi-Cal Box:** Ang Medi-Cal box sa IEP ay dapat lang lagyan ng check kung nakakatanggap ang bata ng mga serbisyong gaya ng speech, occupational, o physical therapy sa pamamagitan ng distrito ng paaralan. Dahil dito, masingil ng distrito ang Medi-Cal para sa mga serbisyong ito. Opsyonal ito, kaya personal itong pagpapasya at hindi ito kinakailangan o mandatoryo.
8. **Mga Serbisyo ng Interpreter:** Kung kinakailangan, may karapatan ang pamilya na humiling ng interpreter ng distrito. Kung hindi makakapagbigay ng interpreter ang paaralan, dapat baguhin ang iskedyul ng pulong para sa IEP.
9. Magagawa ring makipag-ugnayan ng pamilya sa Disability Rights California sa 3602 Inland Empire Blvd., Ste. C-110, Ontario, CA 91764: numero ng telepono (213) 213-8000 Ang numero ng fax ay (213) 213-8001. Ang email address ay <https://www.disabilityrightsca.org>.

Mahalagang Impormasyon para sa Mga Magulang ng Mga Magtatapos na Mag-aaral

Kung malapit nang magtapos ang iyong anak, narito ang ilang mahalagang opsyong dapat isaalang-alang:

10. **Pagtatapos nang may Diploma sa Mataas na Paaralan:** Kung magtatapos ang iyong anak nang may diploma sa edad na 18, mapipili niyang:
 1. Pumasok sa **kolehiyo**
 2. Lumahok sa isang **day program na pinopondohan ng IRC**
 3. Maghanap ng **sinusuportahang pagtatrabaho**
 4. Magkaroon ng **independent na pagtatrabaho**
 5. I-access ang **mga serbisyo ng Departamento ng Rehabilitasyon (Department of Rehabilitation, DOR)**
11. **Pagtatapos nang May Sertipiko ng Pagtatapos:** Kung magtatapos ang iyong anak nang may sertipiko ng pagtatapos at sasali siya sa **programa sa transisyon sa adult** (18-22 taong gulang), posibleng kwalipikado siya para sa mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng IRC o iba pang resource ng komunidad, kabilang na ang mga oportunidad sa pagtatrabaho.

WAIVER NG MEDICAID



Pagiging Kwalipikado sa Waiver ng Medicaid (HCBS MW) at Suporta para sa Mga Magulang

Sa aming ahensya, nakatuon kami sa pagsuporta sa **kalusugan, kaligtasan, at kapakanan** ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki. Nagbabantay kami at tinitiyak namin ang pagsunod ng kaso sa mga alituntunin ng **Waiver ng Medicaid sa Mga Serbisyo sa Bahay at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS)** para magbigay ng access sa mahahalagang serbisyo na tumutulong sa mga consumer na lumago sa kanilang mga komunidad. Ang **Waiver sa HCBS** ay isang pederal na programa na nagbibigay-daan sa bawat estado na mag-alok ng mga serbisyong nakabase sa komunidad sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki.

Sino ang Kwalipikado para sa Waiver ng Medicaid (MW) sa HCBS?

Para maging kwalipikado para sa **Waiver ng Medicaid sa HCBS**, dapat nakakatugon ang consumer sa mga sumusunod na pamantayan:

1. **Diagnosis:** Dapat may **kapansanan sa paglaki** ang indibidwal na na-diagnose ng isang Regional Center.
2. **Pagiging Kwalipikado sa Medi-Cal:** Dapat **kwalipikado para sa buong saklaw na Medi-Cal** ang consumer.
3. **Mga Kakulangan o Medikal na Kundisyon:** Ang indibidwal ay dapat may hindi bababa sa **2 kwalipikadong kakulangan sa ilalim ng Client Development Evaluation Report (CDER)**, mga kapansanan sa paglaki, o isang **pabalik-balik na medikal o psychiatric na kundisyon** na nangangailangan ng regular na paggamot o paggamit ng gamot at nakakatugon sa katanggap-tanggap na antas ng pangangalaga.
4. **Sitwasyon ng Pamumuhay:** Dapat nakatira ang indibidwal sa isa sa sumusunod:
 - Sa **bahay ng pamilya**
 - Sa **sarili niyang bahay**
 - Sa **pinili niyang pasilidad ng komunidad**

5. **12 Buwang Kahilingan:** Ipinapahiwatig nito na, para maging kwalipikado para sa ilang partikular na benepisyo o maging kwalipikado sa ilalim ng partikular na programa, dapat gumagamit na ang indibidwal ng nasisingil na HCBS sa pamamagitan ng isang POS na kahilingan sa loob ng nakaraang 12 buwan. Malamang na nauugnay ang kundisyong ito sa pagpapanatili ng nagpapatuloy na pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo o access sa partikular na pagpopondo.
6. **Consumer Choice Form:** Dapat kumpletuhin at lagdaan ng indibidwal (o ng kanyang tagapag-alaga) ang **MW Consumer Choice Form (DS2200)**.

Pagiging Kwalipikado sa Institutional Deeming (ID)

Ang **Institutional Deeming** ay isang espesyal na panuntunan sa Medi-Cal na nagbibigay-daan sa mga consumer na wala pang 18 taong gulang, o mga kasal na adult, na maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng **buong saklaw na Medi-Cal**, kahit na kung masyadong mataas ang kita ng kanyang magulang o asawa.


- **Isinusuko ng panuntunang ito ang kita ng magulang o asawa** kapag tinutukoy ang pagiging kwalipikado sa Medi-Cal.
 - Tinitiyak nito na ang kita ng consumer o ng asawa lang ang isinasaalang-alang para sa pagiging kwalipikado, kaya mas madali para sa mga indibidwal na maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng Medi-Cal.
Nagbibigay ang **Institutional Deeming** ng mas madaling access sa mga benepisyo ng Medi-Cal at dahil dito, posible ring maging kwalipikado ang mga consumer para sa mga karagdagang serbisyo, kabilang na ang:
 - **Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay (In-Home Supportive Services, IHSS)**
 - **Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment, EPSDT)**
 - **Mga Serbisyo sa Rehabilitasyon** at marami pa.
- Mga Kinakailangang Dokumento para sa Pagpapatala sa Waiver ng HCBS**
Para hilingin ang o mag-apply ulit para sa **Waiver ng HCBS**, tiyaking kumpletuhin at isumite ang mga sumusunod na dokumento:
1. **Makipag-ugnayan sa iyong Consumer Services Coordinator (CSC) para Humiling.**
 2. **Nilagdaan at may petsang DS2200 (Consumer Choice Form).**
 3. **Nilagdaan at may petsang Pagsang-ayon ng Magulang.**

4. **Patunay ng Nasisingil na HCBS POS:** Tiyaking gumagamit ang consumer ng mga serbisyo ng HCBS sa pamamagitan ng nasisingil na Purchase of Services (POS).

Bilang magulang o kliyente, responsibilidad mong sundin ang **mga alituntunin ng Medi-Cal** para matiyak ang tuloy-tuloy na pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo. Kabilang dito ang palaging pag-update sa Medi-Cal tungkol sa kita, mga sitwasyon ng pamumuhay, at kalagayan ng kalusugan, pagdalo sa mga kinakailangang pulong, at pakikipagtulungan sa namamahala ng kaso. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning ito, makakatulong kang matiyak na matatanggap ng iyong mahal sa buhay ang pangangalaga at mga serbisyong kailangan niya nang walang antala.

Kung mayroon kang anumang tanong o kailangan mo ng tulong sa pag-unawa sa mga panuntunan ng Medi-Cal, mahalagang makipag-ugnayan sa iyong **lokal na tanggapan ng Medi-Cal** o tagapamahala ng kaso para sa tulong.

Ang programang **Waiver ng Medicaid** ay nagbibigay ng mahalagang suporta at mga serbisyo para sa mga pamilya, at nag-aalok ito ng mga resource para tumulong sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki na magtagumpay at lumago. Kung mayroon kang anumang tanong o kailangan mo ng tulong, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang patnubay.



Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay (In-Home Supportive Services, IHSS)

Pangkalahatang-ideya ng Programang IHSS

Ang programang **Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (In-Home Supportive Services, IHSS)** ay tumutulong sa mga kwalipikadong indibidwal na **mas matanda sa 65 taong gulang, bulag, at/o may kapansanan** na matanggap ang suportang kailangan nila para mamuhay nang ligtas sa sarili nilang mga tahanan. Layunin ng programang IHSS na iwasan ang pangangailangan sa pangangalaga sa labas ng bahay, para mabigyang-daan ang mga indibidwal na manatili sa kanilang mga tahanan, isa man itong bahay, apartment, hotel, o bahay ng kamag-anak.

Kung nakakatanggap ka ng **Supplemental Security Income (SSI)** o natutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng kita para sa **Medi-Cal**, posibleng maging kwalipikado ka para sa mga serbisyong IHSS. Ang **IHSS** ay isang **programa ng Medi-Cal**, na pinopondohan ng **mga dolyar ng pederal, estado, at county**.

Mga Serbisyong Sinasaklaw ng IHSS

Makakapagbigay ang programang IHSS ng malawak na hanay ng mga serbisyo para masuportahan ka sa pang-araw-araw mong pamumuhay. Kabilang sa ilan sa mga serbisyo ang:

- **Mga Serbisyo sa Personal na Pangangalaga:** Tulong sa mga aktibidad na tulad ng **pagbibihis, pagligo, pagpapakain, at pagdudumi**.
- **Mga Serbisyo ng Paramediko:** Tulong sa mga gawaing gaya ng **mga iniksyon, pangangalaga sa sugat, pangangalaga sa colostomy, at pangangalaga sa catheter** (sa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensyadong medikal na propesyonal).
- **Suporta sa Bahay:** Tulong sa **paglilinis ng bahay, pagluluto, pamimili, at paglalaba**.
- **Mga Medikal na Appointment:** Tulong sa **paghatid sa iyo papunta sa at pauwi mula sa mga medikal na appointment**.
- **Mga Serbisyo sa Pamproteksyong Pagbabantay sa Adult:** hindi alam ng mga taong hindi kayang alagaan ang kanilang sarili kung ano ang mapanganib

na bagay, mas malaki ang posibilidad na gumawa sila ng mga mapanganib na bagay na maaaring makapahamak sa kanila.

Gayunpaman, may ilang bagay na **hindi** mababayaran ng IHSS, kabilang na ang:

- **Paglilipat ng mga muwebles**
- **Pagbabayad ng mga bayarin**
- **Pagbabasa ng mga liham sa iyo**
- **Pag-aalaga sa mga alagang hayop (kabilang na ang mga service animal)**
- **Paghahalaman**
- **Mga serbisyo sa pagkukumpuni**
- **Mga social na pagbisita (tulad ng panonood ng TV nang magkasama o pagbisita)**
- **Mga paglabas o aktibidad na panlibangan**

Paano Mag-apply para sa IHSS

Para simulan ang proseso, sundin ang mga hakbang na ito:

1. **Makipag-ugnayan sa Programang IHSS:** Tumawag sa programang IHSS sa iyong county. Tatanungin ka ng isang kinatawan ng county tungkol sa iyong kapansanan, mga pangangailangan, kita, at mga asset. Aabutin ito ng humigit-kumulang **20 minuto**.
2. **Pagbisita sa Bahay:** Isang **social worker** ang bibisita sa iyong bahay para masuri ang mga serbisyong kailangan mo at ang bilang ng mga oras para sa bawat serbisyo. Isasaalang-alang ng social worker ang iyong **medikal na kundisyon, sitwasyon ng pamumuhay**, at anupamang **available na resource**.
3. **Form ng Sertipikasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Kakailanganin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na sumagot ng **form** na nagpapatunay na kailangan mo ng mga serbisyo ng IHSS. Dapat makumpleto ito bago maaprubahan ang mga serbisyo.

4. **Awtorisasyon:** Pagkatapos ng pagsusuri, papadalhan ka ng county ng **Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA)**, na ipapaalam sa iyo kung naaprubahan o tinanggihan ang iyong mga serbisyo. Tutukuyin ng NOA ang mga naaprubahang serbisyo, bilang ng mga oras na pinahintulutan, at kung ilan ang kabuuang mga oras ng serbisyo na matatanggap mo bawat buwan.
5. **Mga Kahilingan para sa Paglilitis ng Estado:** Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng county o naniniwala kang dapat kang makatanggap ng mga karagdagang serbisyo, may karapatan kang humiling ng **paglilitis ng estado**.

Pag-hire sa Iyong (Mga) Provider

Kapag naaprubahan ka na para sa IHSS, maaari kang mag-hire ng **provider ng pangangalaga**. Maaaring isa itong **kaibigan, kamag-anak**, o maaari kang maghanap ng provider sa pamamagitan ng **Talaan ng Caregiver sa Pampublikong Awtoridad ng IHSS**. Bago siya makapagsimulang magtrabaho, kakailanganin ng iyong provider na kumpletuhin ang lahat ng kinakailangang **hakbang sa pagpapatala**.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-hire ng provider at mga kinakailangang hakbang, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong social worker o sa **Pampublikong Awtoridad** para sa tulong.


Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan para sa IHSS

Kung mayroon kang anumang tanong o kailangan mong simulan ang proseso ng aplikasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng IHSS sa iyong lugar:

- **IHSS Central Intake Unit:** Para sa mga referral, tumawag sa **877-800-4544**
- **Tanggapan ng Rancho Cucamonga:** **909-948-6200**
- **Tanggapan ng San Bernardino:** **909-891-3700**
- **Tanggapan ng County ng Riverside:** **888-960-4477**



Conservatorship



Pangkalahatang-ideya ng Conservatorship

Kung ikaw o isang mahal sa buhay ay hindi makakapagpasya para sa sarili dahil sa kapansanan, posibleng maging opsyon ang **conservatorship**. Makakapaghirang ang hukom ng isang **conservator** para magpasya sa ngalan ng taong nangangailangan ng tulong, na tinatawag na **conservatee**. Magagawa lang ang paghirang na ito kapag hindi naaangkop ang mga opsyong hindi gaano kahigpit.

Ang **conservatorship** ay isang legal na proseso kung saan hihirang ang hukom ng isang tao (isang **conservator**) para magpasya sa ngalan ng isang indibidwal na hindi makakapagpasya para sa kanyang sarili dahil sa kapansanan o iba pang limitasyon. Tinatawag na **conservatee** ang taong nangangailangan ng tulong.

Makakapagtakda lang ng **conservatorship** pagkatapos matukoy ng korte na hindi sapat ang iba pang hindi gaano kahigpit na opsyon. Ibig sabihin, dapat conservatorship ang anyo ng tulong na **may pinakakaunting paghihigpit** na nagbibigay-daan sa indibidwal na mamuhay nang nagsasarili hangga't makakaya. Kahit pagkatapos maitakda ang isang conservatorship, kinakailangan pa rin ito.

Mga Uri ng Conservatorship

May dalawang pangunahing uri ng conservatorship, depende sa antas ng suporta na kinakailangan ng indibidwal:

1. Pangkalahatang Conservatorship:

- Ang **conservator** ay may malawak na awtoridad para magpasya para sa conservatee, na sumasaklaw sa lahat ng kinakailangang aspeto ng kanyang pangangalaga at kapakanan, maliban sa mga itinuturing ng korte na hindi kinakailangan.

2. Limitadong Conservatorship:

- Limitado ang **mga kakayahan ng conservator** partikular na sa **7 pangunahing aspeto**, batay sa mga pangangailangan ng conservatee. Madalas na ginagamit ito para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki.

Conservatorship ng Tao vs. Conservatorship ng Estate

- **Conservatorship ng Tao:** Kaugnay ng ganitong uri ng conservatorship ang pagpapasya tungkol sa **pangangalaga at proteksyon** ng indibidwal.
- **Conservatorship ng Estate:** Kaugnay ng ganitong uri ang pamamahala sa **mga pananalapi** ng indibidwal.

Posibleng magsilbi ang isang tao bilang **conservator ng parehong** tao at estate, o maaaring magkaibang tao ang hirangin para sa bawat tungkulin.

7 Kakayahan sa Limitadong Conservatorship

Kung ibibigay ang isang limitadong conservatorship, posibleng mabigyan ang conservator ng hanggang **7 partikular na kakayahan**, depende sa mga pangangailangan ng indibidwal. Kabilang sa mga kakayahang ito ang:

1. Pagpapasya kung saan titira ang conservatee (tirahan).
2. Pag-access sa mga kumpidensyal na talaan at papeles ng conservatee.
3. Pag-apruba o pagtanggap na magpakasal ang conservatee.
4. Pagpapasya tungkol sa kakayahan ng conservatee na mapailalim sa mga kontrata.
5. Pagbibigay o pagkakait ng medikal na pahintulot sa ngalan ng conservatee.
6. Pagpapasya tungkol sa mga relasyon sa ibang tao at sekswal na relasyon ng conservatee.
7. Pagpapasya tungkol sa edukasyon ng conservatee.

Tutukuyin muna ng hukom kung nangangailangan ng conservatorship ang indibidwal na may kapansanan sa paglaki at kung kinakailangan ang tulong sa alinman sa pitong aspetong ito. Maaaring ibigay ng hukom sa conservator ang mga kakayahan lang na kinakailangan at hinihiling.

Paghahanda para sa Proseso ng Conservatorship

Nangangailangan ng maingat na paghahanda ang proseso ng pag-apply para sa conservatorship. Narito ang mga nauugnay na hakbang:

1. **Pag-abiso sa Pamilya:** Aabisuhan ang lahat ng malapit na miyembro ng pamilya, kabilang ang mga magulang, kapatid, at lolo't lola, tungkol sa mga hakbang sa conservatorship.
2. **Kinakailangang Dokumentasyon:** Kakailanganin ng iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na sumagot ng mga form para masuportahan ang pangangailangan para sa conservatorship. Magsusumite rin ng mga ulat ang **Imbestigador ng Korte at Inland Regional Center (IRC)**.
3. **Pangangalap ng Impormasyon:** Kakailanganin ng pangkat ng IRC ang mga sumusunod na dokumento at impormasyon para maipagpatuloy ang kahilingan sa conservatorship.
 - Isang **kasalukuyang IEP at Psychoeducational** na pagsusuri.
 - Impormasyon sa kung ilan ang mga kapatid na nakatira sa bahay.
 - Pinansyal na impormasyon, kabilang na ang **SSI, Mga Benepisyo ng mga Beterano**, at mga benepisyo sa paglilibing.
 - **Mga medikal na talaan**, kabilang ang mga pinakamakailang **pisikal** na appointment at **appointment para sa ngipin**.
 - Impormasyon sa **sitwasyon ng pamumuhay**, lalo na kung naghiwalay ang mga magulang (pakikisangkot at mga detalye sa pakikipag-ugnayan ng magulang na hindi co-conservator).
4. **Petisyon para sa Paghirang ng Probate Conservator:** Kapag nakumpleto na ang lahat ng dokumentasyon, isang **petisyon para sa paghirang ng probate conservator** ang kakailanganing ihain sa korte. Kakailanganin ng IRC ng **kopya ng inihaing petisyon**, kabilang ang **numero ng kaso** at **tatak ng korte**.

Pakipadala ito sa aming tanggapan sa pamamagitan ng email:

Probate@inlandrc.org, o i-fax ito sa **(909) 379-7600**, o ipakoreo ito sa tanggapan ng IRC.

Mga Resource para sa Legal na Suporta at Impormasyon sa Conservatorship

May mga available na libre at murang resource na tutulong sa mga pamilya sa buong proseso ng conservatorship:

1. Mga Libreng Legal na Serbisyo para sa Mga Kwalipikadong Indibidwal:

- Ang **Legal Aid Society of San Bernardino** ay nagbibigay ng libreng legal na tulong para sa conservatorship, pabahay, batas ukol sa pamilya, at marami pa. Makipag-ugnayan sa kanila sa **909-889-7328** o **Info@Legalaidofsb.org**. Available ang higit pang impormasyon online sa [Legal Aid Society of San Bernardino](#).
- **Riverside Legal Aid:** Makipag-ugnayan sa kanila sa 951-682-7968 (Tanggapan sa Riverside) o 760-347-9456 (Tanggapan sa Indio). Available ang higit pang impormasyon sa [Riverside Legal Aid](#)
- [Riverside County](#) Resource for Conservatorship.

2. Mga Karagdagang Pansuportang Resource:

- **Caldwell, Kennedy & Porter:** Isang law firm sa Victorville, CA, na nagbibigay ng mga legal na serbisyo na nauugnay sa conservatorship (may mga nalalapat na bayarin). Bisitahin ang kanilang website sa [cklaw.net](#).
- **Dignity Group:** Isang non-profit na organisasyon na nagbibigay ng suporta at pagtataguyod para sa mga pamilyang nahaharap sa mga espesyal na pangangailangan, kabilang na ang mga alternatibo sa conservatorship.
- **Circle of Life:** Isang non-profit na organisasyon na nag-aalok ng mga programa sa tulong pinansyal o pampamilya. Bisitahin ang [lifeinsidethecircle.com](#).

Mga Mahalagang Isaalang-alang

- Ang **conservatorship** ay seryosong legal na proseso at dapat maingat itong isaalang-alang. Karaniwang ito ang huling opsyon kapag hindi naaangkop ang iba pang hindi gaano kahigpit na alternatibo.
- Masasangkot ang iyong pamilya sa proseso, at maingat na susuriin ang mga pangangailangan ng mahal mo sa buhay para matukoy ang pinakamainam na hakbang na tatahakin.
- Hinihikayat namin ang mga pamilya na pag-aralan ang lahat ng opsyon at kumonsulta sa mga eksperto sa batas para matukoy ang pinakaangkop na solusyon para sa indibidwal na nangangailangan.

Paano kung kailangan ko pa ng tulong?

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa:

Disability Rights California

- 1-800-776-5746 (TTY 1-800-719-5798)

Tanggapan ng Clients' Rights Advocacy

- Northern California: 1-800-390-7032 (TTY 877-669-6023)
- Southern California: 1-866-833-6712 (TTY 877-669-6023)

Kung mayroon kang anumang tanong o kailangan mo ng tulong sa proseso ng conservatorship, makipag-ugnayan sa iyong CSC o alinman sa mga nakalistang resource para sa suporta. Nandito kami para tumulong na gabayan ka sa prosesong ito nang may pag-iingat at pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mahal mo sa buhay.



Proseso ng SSI

Supplemental Security Income (SSI)

Pangkalahatang-ideya ng Supplemental Security Income (SSI)

Ang programang Supplemental Security Income (SSI) ay nagbibigay ng buwanang pantulong na pera sa mga taong 65 taong gulang at mas matanda o bulag o may kapansanan. Nag-iiba ang mga bayad batay sa iyong kita at kung saan ka nakatira.

Ano ang SSI?

Ang Supplemental Security Income (SSI) ay nagbibigay ng buwanang bayad sa mga adult o bata na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

1. Kaunti o walang kita, at
2. Kaunti o walang mapagkukunan, at
3. May kapansanan, bulag, o 65 taong gulang o mas matanda

Maghandang Mag-apply

Bago mag-apply, mayroon kang ilang hakbang na magagawa para malaman kung SSI ang angkop na programa para sa iyo

1. **Pagiging Kwalipikado:** gamit ang tool na ito, mapupunan mo ang isang maikling questionnaire para malaman kung kwalipikado ka o hindi
2. **Tantiya sa Mga Benepisyo:** gamit ang tool na ito, makakakuha ka ng tantiya sa iyong mga benepisyo batay sa mga kasalukuyan mong kinikita
3. **Talaan ng Mga Kita:** gamit ang tool na ito, matitingnan mo ang talaan ng iyong taunang kita at matitiyak mong tumpak ito bago mag-apply
4. **Pagreretiro:** magagamit ang tool na ito para makatulong na matukoy kung kailan dapat mag-apply at/o tumingin ng iba pang salik

Paano Mag-apply

Mahahanap online ang aplikasyon ([Mag-apply para sa Supplemental Security Income \(SSI\) | SSA](#))

Ipo-prompt kang gumawa ng profile sa kanilang site at gamit ang impormasyon sa pag-log in na ito, magagawa mong tingnan ang status ng iyong aplikasyon pati na iapela ang pasya sa aplikasyon mo kung naniniwala kang mali ang naging pasya

Mag-apela ng Pasya

May 4 na magkakaibang antas ng pag-apela, gayunpaman, hindi palaging kinakailangang dumaan sa bawat isa sa 4 (nag-iiba ito ayon sa kaso)

1. [Muling Pagsasaalang-alang sa Kahilingan](#)
2. [Paglilitis sa isang Hukom](#)
3. [Pagsusuri sa Pasya ng Paglilitis](#)
4. [Pagsasampa ng Federal District Court Action](#)

Mga Resource/Link

- Pangunahing Webpage - [Supplemental Security Income \(SSI\) | SSA](#).
- Mga FAQ - [Magkano ang maaari mong makuha mula sa SSI | SSA](#).
- Mga Alituntunin sa Pag-uulat - [Mga responsibilidad sa pag-uulat para sa SSI | SSA](#).
- Iba pang programa ng pamahalaan - [Mga programa para makahingi pa ng tulong habang nasa SSI | SSA](#).
- Sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang online na [Field Office](#) tool, mahahanap mo ang pinakamalapit na tanggapan ng SSI sa iyong lugar kung mas naaangkop ang personal na pagpunta.

Ang mga consumer na mas matanda sa 18 taong gulang at nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa SSI ay maaaring mailagay sa mga Board and Care (B&C) home na iniaalok ng IRC kung pipiliin nila at ng mga pamilya nila. Naiiba at natatangi ang sitwasyon at kaso sa IRC ng bawat consumer.

Paglalagay



Paglalagay sa Pasilidad ng Board and Care (B&C):

Ang mga consumer na mas matanda sa 18 taong gulang at nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa SSI ay maaaring mailagay sa mga B&C home na iniaalok ng IRC kung pipiliin nila at ng mga pamilya nila. Naiiba at natatangi ang sitwasyon at kaso sa IRC ng bawat consumer. Narito ang ilang bagay na dapat malaman kapag humihiling ng paglalagay para sa isang consumer ng IRC.

Proseso:

- Makikipag-ugnayan ang mga pamilya sa kanilang CSC para magtanong tungkol sa paglalagay.
- Dapat maunawaan ng mga pamilya na hindi naglalagay ang IRC hanggang sa maging 18 taong gulang na ang isang consumer. Pakitandaan: Sa mga bihirang sitwasyon lang inilalagay ang mga menor de edad sa isang B&C at nakadepende ito sa pag-apruba ng Direktor.
- Mauunawaan ng mga pamilya na kailangan nila ang pag-apruba ng Program Manager (PM) para makapagsimula ang CSC sa proseso ng referral.
- Mauunawaan ng mga pamilya na dadaan ang proseso ng paglalagay sa Placement Unit ng IRC. Maaaring humiling ang mga pamilya ng partikular na B&C para sa consumer, gayunpaman, dapat munang suriin nang maigi ang lahat ng opsyong ibinigay ng Placement Unit.

Pakitandaan: Walang garantiya na magkakaroon ng mga bakante ang mga partikular na B&C para sa consumer.

- Dapat maunawaan din ng mga pamilya na walang B&C ang IRC na mga pasilidad sa pag-lockdown.
- Sasang-ayon ang mga pamilya na makikipag-ugnayan sa SSA para matiyak na mababago ang mga pera sa SSI ng consumer sa rate ng B&C ng SSI.
- Mauunawaan ng mga pamilya na ibibigay nila ang mga benepisyo/pera sa SSI ng consumer sa B&C kada buwan. Pinopondohan ng mga benepisyo sa SSI ng consumer ang mga gastos ng B&C at P&I. Pinopondohan ng IRC ang programming ng B&C.

- Depende sa kung ano ang kailangan ng consumer, mauunawaan ng pamilya na ire-refer ang consumer sa pinakaangkop na B&C (Antas 2 – 4 tingnan sa ibaba)

Antas 2 – Pangangalaga, pagbabantay, at nagkataong pagsasanay para sa mga indibidwal na mayroong kaunting kakayahan sa pag-aalaga sa sarili at walang malaking kahirapan sa pag-uugali.

- **Halimbawa: Mga consumer na may ilang kakayahan sa pagsasarili at pagiging ligtas na nangangailangan ng higit pang tulong sa mga pang-araw-araw na pangangailangan sa pangangalaga. Walang hindi mabuting pag-uugali.**

Antas 3 – Pangangalaga, pagbabantay, at nagpapatuloy na pagsasanay para sa mga indibidwal na may mga malaking kakulangan sa mga kakayahang alagaan ang sarili, at/o ilang limitasyon sa coordination at paggalaw ng katawan, at/o pag-uugaling nakakagambala o nakakapahamak sa sarili.

- **Halimbawa: Mga consumer na nangangailangan ng higit pang pagbabantay para makatulong sa kaligtasan at pag-aalaga sa sarili. Maaaring mayroon silang mga bahagyang kapansanan sa katawan/pag-uugali.**

Antas 4 A-I– Pangangalaga, pagbabantay, at pagsasanay para sa mga indibidwal na may mga kakulangan sa mga kakayahang alagaan ang sarili, at/o mga malubhang kapansanan sa coordination at paggalaw ng katawan, at/o pag-uugaling malubhang nakakagambala o nakakapahamak sa sarili. Tumutugma ang mga tauhan sa mga home na ito sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na nakatira doon.

- **Halimbawa: Mga consumer na nangangailangan ng tuloy-tuloy na pangangalaga at pagbabantay at may kaunti o walang kamalayan sa kaligtasan. Mga malubhang kapansanan sa katawan/pag-uugali.**

Mga Espesyal na Pasilidad na Tirahan (Specialized Residential Facility, SRF)

Ang mga SRF ay mga lisensyadong pasilidad na iniaalok para magbigay ng mga espesyal na serbisyong pantirahan gaya ng nakasaad sa disenyo ng programa ng mga vendor. Nagbibigay ang mga Espesyal na Pasilidad na Tirahan ng higit pang tauhan, pagbabantay, at mas maraming serbisyo ng consultant kaysa sa antas 4 na pasilidad. Layunin ng SRF na magbigay ng pangangalaga, pagbabantay, at pagsasanay para sa mga taong may kakulangan sa mga kakayahang alagaan ang sarili at/o mga malubhang kapansanan sa coordination at paggalaw ng katawan, at/o pag-uugaling malubhang nakakagambala o nakakapahamak sa sarili, at may mga pangangailangang hindi angkop na natutugunan ng iba pang opsyon sa pamumuhay sa komunidad na available ayon sa matutukoy ng pangkat sa pagpapalano.

Mga Enhanced Behavioral Support Home (EBSH)

Ang mga EBSH ay mga pasilidad na tirahan para sa adult o mga group home na pambata. Nagbibigay ang mga EBSH ng 24 na oras na hindi medikal na pangangalaga sa setting na katulad ng bahay sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki at pag-uugaling mahirap pakitunguhan na nangangailangan ng mga karagdagang suporta, tauhan, at pagbabantay. May mga natatanging katangian ang mga home at nag-aalok ang mga ito ng pagpaplanong nakatuon sa tao, mga suporta sa positibong pag-uugali, pangangalagang may-kabatiran sa trauma, at iba pang serbisyo at suporta na lampas pa sa karaniwang makukuha sa iba pang home na nakabase sa komunidad. Ang mga EBSH ay sertipikado ng Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo at nililisensyahan ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Estado.

Community Crisis Home (CCH)

Ang mga CCH ay mga pasilidad na tirahan na nagbibigay ng 24 na oras na hindi medikal na pangangalaga sa mga adult at bata na may mga kapansanan sa paglaki na nangangailangan ng mga serbisyo sa interbensyon sa krisis, na kundi dahil dito ay may panganib na mailagay sa institusyonal na lugar (acute crisis center, pasilidad na pinapatakbo ng estado, paglalagay sa labas ng estado, general acute hospital, o

institusyon para sa sakit sa pag-iisip). Nagbibigay ang mga CCH ng karagdagang pagsusuri, tauhan, pagbabantay, espesyal na pagsasanay sa tauhan, pagpaplanong nakatuon sa tao, mga suporta sa positibong pag-uugali, pangangalagang may-kabatiran sa trauma, at iba pang intensibong serbisyo at suporta para makatugon kaagad sa mga agarang pangangailangan ng indibidwal. Ang mga serbisyong ibinibigay ay ang pinakanaka-integrate at may pinakakaunting paghihigpit na posible. Ang tuon ay nasa stabilization at mga layunin ng indibidwal nang sa gayon ay makakalipat ang mga indibidwal sa pangmatagalang paglalagay sa pinakabilis at pinakaligtas na makakaya. Ang mga home ay sertipikado ng Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo at nililisensyahan ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Estado.

Paglalagay na High Profile (Mga consumer na manggagaling sa mga pasilidad sa labas ng estado):

Naiiba at natatangi ang sitwasyon at kaso sa IRC ng bawat consumer. May mga bihirang sitwasyon kung saan nakatira ang mga consumer sa labas ng estado ng California (na pinopondohan sa pamamagitan ng distrito ng paaralan ng consumer bago ang edad na 22) pero mangangailangan sila ng paglalagay pagkabalik nila. Kung ang pinag-uusapang consumer ay isang kalahok ng IRC bago siya umalis ng estado, ituturing na “hindi aktibo” ang kanyang kaso. Sa ganitong sitwasyon, maaaring makipagtulungan ang IRC sa consumer at pamilya niya sa ngalan ng paggalang dahil sa status ng kaso ng consumer sa IRC na “hindi aktibo”. Dapat muna itong maaprubahan ng Program Manager.

Proseso:

- Kailangang makipag-ugnayan ng mga pamilya sa IRC nang may sapat na panahon bago bumalik ang consumer sa California.
- Mauunawaan ng mga pamilya na kailangan nila ang pag-apruba ng PM para makapagtrabaho ang CSC sa kaso ng consumer dahil sa paninirahan ng consumer sa labas ng estado.
- Dapat kumpirmahin ng mga pamilya sa CSC at PM na may mga benepisyo sa SSI ang mga consumer.

- Dapat manirahan ang mga pamilya sa catchment area ng IRC para “ma-reactivate sa CSC” ang kaso ng consumer.
- Kakailanganin ng mga pamilya na humiling na “ipa-reactivate” ang kaso ng consumer sa loob ng naaangkop na catchment area sa pamamagitan ng IRC Intake unit.
- Kakailanganing sumang-ayon ng mga pamilya na magkaroon ng pulong para sa IPP na papangasiwaan ng CSC. Gagamitin ang IPP ng consumer para ma-refer sa mga iniaalok na pasilidad ng B&C na pinopondohan ng IRC.
- Mauunawaan ng mga pamilya na dadaan ang proseso ng paglalagay sa Placement Unit ng IRC. Maaaring humiling ang mga pamilya ng partikular na B&C para sa consumer, gayunpaman, dapat munang suriin nang maigi ang lahat ng opsyong ibinigay ng Placement Unit.

Pakitandaan: walang garantiya na magkakaroon ng mga bakante ang mga partikular na B&C para sa consumer.

- Mauunawaan ng mga pamilya na dapat munang maubos ang lahat ng opsyon sa paglalagay sa catchment area ng IRC. Hindi magsusumite ng mga pambuong-estadong paghahanap ang CSC ng IRC. Dapat munang maubos ang lahat ng lokal na catchment area.
- Dapat maunawaan din ng mga pamilya na walang B&C ang IRC na mga pasilidad sa pag-lockdown.
- Sasang-ayon ang mga pamilya na makipag-ugnayan sa SSA para matiyak na mababago ang mga pera sa SSI ng consumer sa rate ng B&C.
- Mauunawaan ng mga pamilya na ibibigay nila ang mga benepisyo/pera sa SSI ng consumer sa B&C kada buwan. Pinopondohan ng mga benepisyo sa SSI ng consumer ang mga gastos ng B&C at P&I. Pinopondohan ng IRC ang programming ng B&C.
- Depende sa kung ano ang kailangan ng consumer, mauunawaan ng pamilya na ire-refer ang consumer sa pinakaangkop na paglalagay sa B&C (gaya ng naunang inilista).

Mga CA Mentor Family Home Agency (FHA) Home:

Impormasyon para sa Publiko/Mga Pamilya

Naiiba at natatangi ang sitwasyon at kaso sa IRC ng bawat consumer. Ang mga consumer na mas matanda sa 18 taong gulang at nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa SSI ay maaaring mailagay sa mga CA Mentor FHA Home na iniaalok ng IRC, kung pipiliin nila at ng mga pamilya nila, at kung ang opsyong ito ang pinakaangkop gaya ng matutukoy ng Placement Unit ng IRC. Itinutugma ng mga FHA home ang mga indibidwal na gustong maging bahagi ng komunidad sa mga mapagkalingang caregiver, na tinatawag na mga Mentor (Mga Family Home Provider). Ang mga mentor home ay mga aktwal na pribadong bahay ng pamilya na pinapatakbo ng mga pamilyang nakatira sa bahay kasama ng consumer. Mayroon ding sistema ng magkakaibang antas ang mga FHA na tinatawag na “Mga Tier”. Narito ang ilang bagay na dapat malaman kapag humihiling ng paglalagay sa isang CA Mentor FHA Home para sa isang consumer ng IRC.

Proseso:

- Makikipag-ugnayan ang mga pamilya sa kanilang CSC para magtanong tungkol sa paglalagay sa FHA.
- Dapat maunawaan ng mga pamilya na hindi naglalagay ang IRC hanggang sa maging 18 taong gulang na ang isang consumer. Pakitandaan: Sa mga bihirang sitwasyon lang inilalagay ang mga menor de edad sa isang FHA at nakadepende ito sa pag-apruba ng Direktor.
- Mauunawaan ng mga pamilya na kailangan nila ang pag-apruba ng PM para makapagsimula ang CSC sa proseso ng referral sa FHA.
- Mauunawaan ng mga pamilya na dadaan ang proseso ng paglalagay sa FHA sa Placement Unit ng IRC. Maaaring humiling ang mga pamilya ng partikular na FHA para sa consumer, gayunpaman, dapat munang masuri nang maigi ang lahat ng opsyong ibinigay ng Placement Unit.

Pakitandaan: Walang garantiya na magkakaroon ng mga bakante ang mga partikular na FHA para sa consumer.

- Mauunawaan ng mga pamilya na may mga sariling panloob na proseso ang mga FHA at ang Supervisor ng FHA, kapag nabigyan na ng pag-apruba mula

sa Placement Unit ng IRC, ay magsisimulang hanapin ang pinakaangkop na FHA para sa consumer.

- Mauunawaan ng mga pamilya na dapat munang maubos ang lahat ng opsyon sa paglalagay sa catchment area ng IRC. Hindi magsusumite ng mga pambuong-estadong paghahanap ang CSC ng IRC. Dapat munang maubos ang lahat ng lokal na catchment area.
- Dapat maunawaan din ng mga pamilya na walang FHA ang CA Mentor na mga pasilidad sa pag-lockdown.
- Sasang-ayon ang mga pamilya na makikipag-ugnayan sa SSA para matiyak na mababago ang mga pera sa SSI ng consumer sa rate ng “B&C”.
- Mauunawaan ng mga pamilya na ibibigay nila ang mga benepisyo/pera sa SSI ng consumer sa FHA kada buwan. Pinopondohan ng mga benepisyo sa SSI ng consumer ang mga gastos ng FHA at Personal na Kita (Personal Income, P&I). Pinopondohan ng IRC ang programming ng FHA.
- Depende sa kung ano ang kailangan ng consumer, mauunawaan ng pamilya na ire-refer ang consumer sa pinakaangkop na paglalagay sa FHA.

Kung mayroon kang anumang tanong o kailangan mo ng tulong sa proseso ng conservatorship, makipag-ugnayan sa iyong CSC o alinman sa mga nakalistang resource para sa suporta. Nandito kami para tumulong na gabayan ka sa prosesong ito nang may pag-iingat at pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mahal mo sa buhay.